













Ang panukat ng Kolehiyo/Karera ay nagpapakita ng kung gaano kahusay inihahanda ng mga ahensiyang pang-edukasyon (mga LEA) at paaralan ang mga estudyante para sa malamang na tagumpay pagkaraan ng pagtatapos. Tanging mga nagtapos lamang ang maaaring klasipikahin bilang Nakahanda o Malapit nang Maging Nakahanda. Para maipakita ng mga paaralan at mga LEA ang tagumpay sa panukat na ito ng estado, ang mga nagtapos sa mataas na paaralan ay dapat makatugon sa isa o higit na mga pamantayan sa nakahandang antas.






NAKAHANDA

-  **Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa:** Iskor na Antas 3 na "Natugunan ang Pamantayan" o mas mataas sa pareho ng mga sining sa wikang Ingles/karunungang bumasa't sumulat (ELA) at matematika
-  **Mga Eksaminayon para sa Mataas na Paglalagay (Advanced Placement, AP):** Iskor na 3 o mas mataas sa dalawang eksaminasyon para sa AP
-  **Mga Eksaminasyon para sa International Baccalaureate (IB):** Iskor na 4 o mas mataas sa dalawang eksaminasyon para sa IB
-  **Mga Kursong Kredito sa Kolehiyo:** Dalawang semestre o tatlong kwarto ng gawaing pangkurso sa kolehiyo na may isang markang C- o mas mataas sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan iginagawad ang kredito sa kolehiyo
-  **Tatak ng Dalawang Karunungan ng Estado (State Seal of Biliteracy, SSB):** Iginawad na SSB at iskor na Antas 3 o mas mataas sa ELA sa Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa
-  **Agham ng Pamumuno/Militar:** Dalawang taon ng Agham ng Pamumuno/Militar, iskor na Antas 3 o mas mataas sa ELA o matematika, at Antas 2 "Halos Natugunan ang Pamantayan" o mas mataas sa ibang asignatura
-  **Unibersidad ng California (University of California, UC) Unibersidad ng Estado ng California (California State University, CSU) a-g na mga iniaatas:** Kumpletuhin ang a-g na mga iniaatas na kurso na may markang C- o mas mataas at isa sa Karagdagang Pamantayan mula sa kahon na nasa ibaba
-  **Landas sa Pangkarerang Teknikal na Edukasyon (Career Technical Education, CTE):** Pagkumpleto ng landas na may markang C- o mas mataas sa capstone na kurso at isa ng Karagdagang Pamantayan mula sa kahon na nasa ibaba



Karagdagang Pamantayan

-  Mga Iskor sa Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa:
 - Antas 3 o mas mataas sa ELA at hindi kukulangin sa Antas 2 sa matematika, o
 - Antas 3 o mas mataas sa matematika at hindi kukulangin sa isang Antas 2 sa ELA
-  Isang semestre/dalawang kwarto ng Mga Kursong Kredito sa Kolehiyo na may markang C- o mas mataas sa mga asignaturang akademiko/CTE
-  Iskor na 3 sa isang eksaminasyon para sa AP o iskor na 4 sa isang Eksaminasyon para sa IB (para sa a-g na iniaatas lamang)
-  Pagkumpleto ng Landas ng CTE (para sa a-g na iniaatas lamang)

MALAPIT NANG MAGING NAKAHANDA

-  **Mas Matalinong Balanseng Nagsusumang mga Pagtasa:** Iskor na Antas 2 na "Halos Natugunan ang Pamantayan" sa pareho ng ELA at matematika
-  **Mga Kursong Kredito sa Kolehiyo:** Isang semestre o dalawang kwarto ng kurso sa kolehiyo na may isang markang C- o mas mataas sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan iginagawad ang kredito sa kolehiyo
-  **Mga a-g na iniaatas sa UC at CSU:** Kumpletuhin ang a-g na kursoing iniaatas na may markang C- o mas mataas
-  **Landas ng CTE:** Pagkumpleto ng landas na may markang C- o mas mataas sa capstone na kurso
-  **Agham ng Pamumuno/Militar:** Dalawang taon ng Agham ng Pamumuno/Militar

Key ng Pamantayan

-  Pagtasa
-  Gawaing pangkurso

HINDI NAKAHANDA

Hindi natugunan ang alinman sa mga panukat o hindi nagtapos.

